# 1

Naiinggit si Santi. At nagulantang siya sa pagdagsa ng maitim na pakiramdam sa kanyang dibdib. Envy isn't even in his vocabulary.

He was a corporate tycoon who had hurdled many challenges—increasing profitability during a time of economic slump, merging small companies on the brink of bankruptcy, mentoring junior executives, and a lot more in his long list of accomplishments. Kaya naman ang pakiramdam na ito ay bago sa kanya. It was all too foreign, and it scared the shit out of him.

Naramdaman niya ang paglapat ng isang mabigat na kamay sa kanyang balikat, at iyon ang pumukaw sa kanyang pag-iisip.

"Isn't he an angel, Kuya Santi?" sabi ni Lance Generalao, ang kanyang nakababatang kapatid, na nakatayo ngayon sa tabi niya.

Tinitigan ni Santillan Jr. ang maliit na mukha ng kanyang bagong silang na pamangkin. His features were so small, fragile and delicate. Kanina nang ibinigay nila ang bata sa kanya, he actually felt

scared to carry him.

Scared… Isa na namang di-pamilyar na pakiramdam, na ngayon lang muli nangibabaw. Oh, he had been scared before by thoughts of monsters when he was much younger, but that was a very distant memory. Now, even in a room full of corporate vultures ready to take advantage, hindi niya iyon nararamdaman.

Marahan siyang tumikhim, upang hindi magising ang natutulog na sanggol, para maialis ang bara sa kanyang lalamunan. Nang hindi ito tumalab, pinilit niyang lumunok dahil nanunuyot ang kanyang bibig.

Looking at his younger brother's sleeping angel stirred up all these feelings. And for the first time in his life, he felt sorely lacking. Inadequate. Tigang sa departamento ng pag-ibig at salat sa sariling pamilya.

Bumukas ang pinto ng pribadong executive suite. Nauna nilang nasilayan ang bilugang tiyan ng kanilang ama. Matapos, ang buo nitong pigura ay pumasok sa loob. May kakaibang kinang ang mga mata nito.

"Well, well… my grandchild," tila manghang bigkas nito habang dahan-dahang naglalakad

patungo sa kinatatayuan ng magkapatid.

"He's just so precious, Dad," sabi ni Lance, na parang hindi pa rin makapaniwala na isa na itong ama. "My angel."

Tila walang narinig ang elder Santillan. His gaze was only fixed on the sleeping baby, as if he was under a hypnotic spell. "Akin na. Akin na siya," bulong nito habang ikinukumpas ang mga kamay.

Biniro ni Santi ang ama. Bahagya niyang inikot ang katawan at kunwari ay ipinagdadamot ang bata. "Ako ang nauna, Dad."

Napasimangot ito. Lalong lumalim ang mga linya nito sa mukha.

"Biro lang po," kaagad niyang sabi bago ito tuluyang magdamdam. Marahan niyang inilagay ang sanggol sa nakaposisyong mga braso nito. "You have to be gentle, Dad. The baby is—"

"Santi," putol nito. At napansin niyang may kakaibang hilam ito sa mga mata. "I've been in this situation before. At ikaw pa ang unang sanggol na hinele ko," paliwanag nito. Inayos nito ang posisyon ng bata sa mga bisig.

Nakangiting tumango siya.

Habang isinasayaw-sayaw ng matandang Generalao ang una nitong apo, biniro ito ni Lance. “Dad, akala ko ba kayo ang sobrang excited sa paglabas ng baby. Mas nauna pa sa inyo na dumating dito si Kuya Santi.”

Bumuntong-hininga ito. “Paano naman, I was stuck in Batangas bringing one of our prospective clients to see a farm property,” paliwanag nito. “Pero nang makuha ko ang balita, I asked the chopper to bring me straight here.”

“Sayang, wala ang Mama,” mahinang sabi ni Madeleine, ang asawa ni Lance, mula sa hospital bed.

Kaagad na umupo si Lance sa tabi nito at ipinaloob sa palad ang kamay ni Mady. Love was shining in his eyes. “Oh, gising ka na pala, hon. What can I get for you?”

Ngumiti ito at tinapik ang kamay ng asawa. “I’m fine.”

Mady was gazing at Lance with such adoring eyes, that Santi felt the green-eyed monster stirring again. Pilit niyang ipinagtabuyan ang namumuong inggit.

“Sigurado ka, hon?” anang kabiyak nito.

Tumango lang si Mady, kahit na bakas sa mukha nito ang matinding pagod na kaakibat ng panganganak. “Sayang at nasa Hong Kong ang Mama,” anito. She would’ve loved to have her mother-in-law by her side during her labor, lalo na’t ang sariling ina ay iniwan siya noong siya ay tatlong taong gulang pa lamang.

“Oo, hon. Gusto ka talaga niyang makasama, pero di matakasan ang isang dating commitment,” sagot ni Lance.

“Oh, Mady, I wish we had all known na two weeks early darating ang baby,” dagdag ni Santi. “That would have been better, planning-wise.”

Malakas na tawa ang isinagot ni Lance sa kanyang sinabi. “Ikaw, Kuya, you’re so meticulous. I bet kung kaya lang ng superpowers mo, pati ang pagdating ng baby ay nai-schedule mo iyon sa iyong master calendar. Makes me wonder if you’ll panic pagdating ng sarili mong anak.”

Napangiwi siya. Oo nga’t he was very meticulous and precise. Lahat ng kanyang hakbang ay kalkulado. Pero iyon lang ang nararapat. At iyon ding mga qualities ang nagpaunlad sa kanilang negosyo.

His dad was the founder of the largest realty

development company in the whole Philippines and the head of *UFG* or *Universal Food Group*, which manufactured daily necessities like canned goods, hotdogs, fruit juices and other commodities. Pero nang sumali siya sa kompanya straight out of college, mas lalo pa iyong umunlad.

"Uhm... brother dearest," nag-aalangan niyang sambit, "hindi na yata mangyayari pa iyon."

"Nonsense!" sabad ng kanilang ama. "Like what I always say, I want lots and lots for grandchildren. Tapos na ang installment ni Lance, at paparating ang kay Patricia. Ikaw naman ngayon ang susunod."

Napalunok si Santi. *So should I get the nearest woman pregnant then, just to satisfy them?* naisip niya. Pero wala sa personalidad niya ang makipag-one-night stand o kumuha ng fling. The only way for him to sire a child is through the old-fashioned way, which is to get married and have a decent honeymoon. Kaya lang, hindi yata iyon mangyayari.

"Sorry to disappoint you all," aniya. "But the last time I checked, wala pa rin akong girlfriend. At walang nagpiprisinta."

"Masyado ka kasing workaholic, bro," ani Lance. "If you want, take some time off at ipasa mo muna

sa akin ang ibang obligasyon. Tutal naman, kabisado ko na rin ang kompanya kaya I think I can make a go at it."

Maliban sa simula, hindi na narinig pa ni Santillan Generalao Jr. ang mga iba pang sinabi ng kapatid. He went back somewhere in time. More specifically, some eight years back, when he was just twenty-seven years old....

---

*Hinarap siya ni Janine, ang kanyang college sweetheart. Her face was distraught and her eyes were filled with tears. Hawak nito ang kuwintas na ibinigay niya sa huli nilang anniversary.*

*"We grew apart, Santi," malungkot nitong sambit habang inilalagay ang malamig na ginto sa kanyang palad.*

*He had never lost before, even in his many business transactions. Pero sa mga sandaling iyon, parang gusto niyang bumuka ang lupa, at nang lamunin siya nang buung-buo. Pero hindi iyon nangyari, so he was left standing there, speechless.*

*"You are a good guy," anito habang hinihimas ang kanyang pisngi. "Maybe we are just not good for each other." Bumagsak ang kamay nito sa tagiliran.*

*"Masyado kang workaholic."*

*He could see the challenging look in her eyes, daring him to deny the accusation. Subalit hindi niya iyon magawa. Oo, workaholic siya at subsob sa pagtulong sa ama sa pagpapalago ng kompanya. His younger brother, Lance, had no motivation and the youngest, Tricia, was still studying. Siya lamang ang maaasahan.*

*"What you need is a woman who can handle that," patuloy ni Janine. "And I'm sorry, but it is only now that I realized na hindi ako iyon." Hinalikan siya nito sa pisngi at lumabas ng opisina.*

Santi remembered standing there like a statue, reeling in disbelief. He also recalled throwing the necklace on his table. Nasaktan siya, hindi dahil nakipaghiwalay si Janine, but because she didn't give him a chance to defend himself. And that was when he realized he wasn't devastated by the break-up at all. Mas nasaktan pa ang kanyang pride.

Bibihira na lamang silang magkita nito, especially when his father promoted him to become the company's Chief Financial Officer. Matagal na niyang napansin na may namumuong tensyon sa pagitan nilang dalawa ng babae, but he was just too busy to deal with it. Kaya nang putulin nito ang

kanilang relasyon, acceptance became easy.

Mula noon, mas lalo pa niyang ibinuhos ang atensyon sa career. At matagal na rin niyang tinanggap, na baka itinalaga ng tadhana na baybayin niya ang buhay nang mag-isa....

---

"Hey, Bro, ano'ng say mo?" ani Lance. "Kuya!" mas malakas nitong ulit na tumuldok sa pagbabalik-tanaw ni Santi. Natawa ang kapatid sa nakitang blank expression niya. Nahuli siya nitong hindi nakikinig. "Ang sabi ko, magbakasyon ka muna at i-delegate mo sa akin ang mga responsibilidad mo," dagdag nito.

Na-touch siya sa concern nito. There was a time in the past na hindi sila nito magkasundo dahil sa matinding sibling rivalry. Ni walang motivation si Lance na magtrabaho sa kompanya. But here was his brother now, volunteering to take on more work just so he could take a breather.

Ngumiti si Santi. "Thanks for the offer, Lance, but I'll take a raincheck. You're a new dad, at dapat na igugol mo ang oras kay...." Natigilan siya. "Ano nga ba'ng pangalan ng baby?"

"Good question, son," sabi ng kanilang ama.

Nagkatawanan ang mag-asawa na nakaupo sa kama. Kapagdaka'y sumagot si Mady, "Arthur Lancelot Generalao."

"Very fitting," sagot ng matanda. "Lancelot after his daddy Lance. At si Sir Lancelot rin ang kilalang kawal ni King Arthur. And this boy is very much a king. Our new king." Patuloy nitong hinele ang sanggol. Matapos ang ilang segundo, muli itong nagsalita. "Now, Santi, sa iyo ko na lang hihintayin ang magdudugtong ng pangalan ko. We need a Santillan Generalao III. Preferably, soon," makahulugan nitong sabi.

Napalunok na lamang siya at napatingin sa kisame, sapagkat hindi niya iyon maipapangako.

# 2

Lumabas si Santi ng silid. All the couples in the room were crowding in on him and he felt suffocated. It was shortly after dinner when Tricia arrived at the hospital with their mother, who returned home from Hong Kong in a private chartered flight, and his sister's fiancée, Daniel.

Dahil pares-pares ang laman ng kuwarto, siya lang ang tumataginting na walang ka-partner. And that made him feel grossly out of place. Kaya naman laking pasalamat niya sa Diyos that he got out in the nick of time. Pihadong kakantyawan na naman siya ng mga iyon kung magkataon.

"Don't they understand that men are like wine. We age extremely well," depensang bulong niya habang naglalakad-lakad sa corridor ng hospital.

He stopped in front of the nursery window. Looking at all those newborn babies tugged at his heart. Imbis na gumanda ang pakiramdam niya, mas lalo siyang na-depress. The babies are a symbol of what was missing in his life… a loving wife and a chance at fatherhood.

Bumuntong-hininga siya at nagpatuloy sa paglalakad. Nauwi siya sa isang silid sa dakong hulihan na may markang Chapel. Nagdalawang-isip siyang pumasok doon.

He pushed the door open, deciding that some alone time with Him is just what he needed to lift up his poor sagging spirit. Ito nga ang kailangan niya para matigil ang self-pity. He needed to count his blessings from God.

Maliit ang kapilya. Wala pa yatang sampung bangko ang laman niyon. May dalawang tao lamang sa loob, na nakaluhod sa gawing unahan, at taimtim na nagdarasal.

Naupo siya sa gawing likuran. He felt peace and serenity envelope his system. Gumiling ang kanyang utak. He found himself asking the Lord for guidance. Ano pa ba ang nararapat niyang gawin sa buhay? Was a loving wife in store for him? Would he ever have children whom he could dote on and would love him in return?

Napalis ang kapayapaan sa kanyang dibdib dahil sa mga magulong tanong na walang kasagutan. Matagumpay nga siya sa trabaho, but he felt empty. He had no one to share his triumphs with. At parang bigla siyang nanghina dahil bago sa kanya ang

pakiramdam ng self-doubt.

*Lord,* dasal niya sa kanyang isip, *please, send me a sign.* Ipinikit pa niya ang mga mata, trying to visualize Him. *I want to be loved by someone. And I'll even make You this deal, hinding-hindi Kita kakaligtaan when she comes. You will be in the center of our life.*

Iminulat niya ang kanyang mga mata at lumipat iyon sa imahe ni Hesus sa krus. What has gotten into him, bargaining with God, like He is a business associate? Iniyuko niya ang ulo at napatingin sa talampakan. He felt disgusted with himself and ashamed, too.

"Ano'ng sakit mo?" tanong ng isang maliit na boses na pumukaw sa kanyang pagmumuni-muni.

Halos mapatalon si Santi sa sobrang gulat. Ni hindi man lang niya namalayan na may lumapit. Sitting next to him was a cute little girl with such big round eyes. Pakiwari niya, nababasa nito ang laman ng kanyang isip. She looked adorable wearing a denim jumper, with a colorful scarf covering her entire head.

Tumikhim muna siya bago sumagot. Doon din niya napansin na tanging silang dalawa na lamang

ng bata ang laman ng kapilya. "Wala akong sakit. Dinalaw ko lang ang kapatid kong nanganak. Ikaw, ano'ng ginagawa mo dito?"

"Nagpa-checkup ako," nakangiting sabi nito.

"Bakit, may-sakit ka ba?"

Tumango ito. "Leukemia."

Bumagsak ang kanyang panga at nahugot ang hangin sa kanyang mga baga. Naramdaman din niyang sinakmal ng awa ang kanyang puso. Kaya pala nakataklob ng panyo ang ulo nito. Marahil ay nakakalbo na iyon dahil sa chemotherapy.

Hinawakan ni Santi ang pisngi ng bata. At nagulat siya sa kanyang ginawa, because he had never been fond of children. Sa katunayan, mas komportable siya sa loob ng conference room na puno ng corporate sharks. "I'm really sorry," he said ever so softly while stroking her cheek.

Ngumiti lang ito. "Bakit ka sorry? Wala ka namang kasalanan sa akin."

And her response took his breath away. Hindi niya alam kung hindi batid ng bata ang konsepto ng awa o talagang pakiramdam nito ay normal ito at hindi dapat kaawaan. He had a feeling it was the

latter.

Nagkibit siya ng balikat. “Nasaan ang parents mo?”

“Mommy lang ang mayroon ako.”

At sa sagot nitong iyon, muling dumagsa ang awa sa kanyang dibdib. Nanatili silang tahimik ng ilang segundo.

“Kabayo ba iyang nasa t-shirt mo?” usisa nito.

Napatingin siya sa maliit na logo ng kanyang Ralph Lauren shirt. At natawa siya. Pati ang detalyeng iyon ay napansin nito. “Yup, it is a pony.”

Biglang naging malayo ang tingin ng batang babae, parang malalim ang iniisip. Matapos ang ilang saglit, tumingin muli ito sa kanya at ngumiti. “Alam n’yo po, dream kong sumakay noon ng kabayo. Pero ayaw ng Mommy.”

May kung anong nagtulak sa kanya para sabihing, “We have horses in our farm. Sabihin mo lang kung payagan ka na niyang sumakay and I’ll take you.”

Lumiwanag ang mukha nito. “Promise?”

He found himself nodding. Nagulat siya nang

inihilig ng bata ang ulo nito sa kanyang balikat.

"Alam mo, gusto kita," sambit nito.

Nagulat din siya sa kaprangkahan ng paslit. "Talaga?" paniniguro niya.

Tumangu-tango ito. "'Yung ibang tao, pag nakikita nila ako, parang natatakot sila sa akin. Kahit na sinabi ng Mommy na hindi naman nakakahawa ang sakit ko."

Natameme si Santi sa ikinuwento nito. Parang kinurot ang puso niya, kahit na walang lungkot o pait sa tono ng bata. Ngayon lang siya nakatagpo ng ganito kabibong paslit sa gitna ng matinding pagsubok.

"Matagal na nga akong labas-pasok sa ospital, eh. Simula pa noong three years old ako," patuloy nito, sabay taas ng tatlong na daliri. "Ngayon, I'm five!" bida nito.

She was five going on fifty. Mas mature pa ang outlook nito kaysa sa ibang mga sopistikadang babae.

"Masakit ba?" Iyon ang unang pumasok sa isip ni Santi. At kaagad din siyang natangahan sa sariling tanong. Pakiwari tuloy niya, siya ang bata, at ang

bata ang matanda.

Kinagat nito ang labi at lumabas ang isang maliit na biloy sa baba nito. “Hindi naman. Nasanay na po ako sa injection. Pagkatapos kasi, pumapayag si Mommy na kumain ako ng ice cream.”

Naputol ang kanyang tugon nang marinig ang isang nag-aalalang boses mula sa pintuan ng chapel.

“Krissy!” bulalas nito. “Narito ka lang pala. Thank heavens I found you.” At dali-daling nagpunta ang babae sa kinauupuan nila. Pero pakiwari ni Santi, hindi siya nito nakikita. He felt invisible.

“Hi, Mommy. I’m just here. You know I always go to the chapel,” depensa nito. “May bago po pala akong kaibigan.” Itinuro siya ng bata.

Lumipat ang tingin ng babae mula sa anak nito patungo sa kanya. At tila sa puntong iyon lamang rumehistro sa utak nito ang kanyang presence. Lumaki ang mga mata nito dahil sa magkahalong gulat at pangamba. And her eyes were very easy to read. Round orbs with long thick lashes. Alam na niya ngayon kung kanino nagmana si Krissy.

*Nope, I’m not a pedophile.* Iyon ang gusto niyang sabihin. But he didn’t want to scare the child. Ipinaliwanag niya ang sariling pakay sa hospital at

kung paano sila nagtagpo nito. "You should be proud of Krissy. Napakabiba niya bukod pa sa maganda," pagtatapos niya, sabay kindat sa paslit.

Halatang natuwa naman ang nanay nito sa papuri niya. Lumiwanag ang mukha nito. At ginawaran siya nito ng isang matamis ng ngiti.

For a split second, pakiwari ni Santi, pinaraanan siya ng isang ipu-ipo. He felt as if he was being swept away by her truly captivating smile. At parang isang bulaklak na nasilayan ng araw, sumibol ang babae sa harap mismo ng kanyang mga mata. She was beautiful with her smooth pinkish skin, high cheekbones and long curly hair.

Carbon copy ito ni Krissy. At malamang ang buhok ng bata ay ganoon din kung di dahil sa chemotherapy. Bigla siyang nalungkot sa ideyang sumagi sa kanya.

"Sige na, anak, magpasalamat ka sa mama," anang babae. "Kailangan na nating umalis. Baka mahirapan na tayong kumuha ng taxi. Coding tayo ngayon."

Hindi alam ni Santi kung anong puwersa ang nag-udyok sa kanya para alukin silang ihatid pauwi. Tumanggi ang ina ni Krissy pero nagpumilit siya.

"It's really no hassle. Hindi naman out of the way. At kawawa rin si Krissy kung mapipilitan kayong mag-jeep. I'm sure the fumes are bad for her."

Napansin niyang nagsumiksik ang bata sa kanyang tagiliran habang binubuyo nito ang ina na tanggapin ang kanyang alok. Walang nagawa ang magandang babae kundi sumang-ayon.

Nagprisinta na rin siya na susunduin sila sa lobby kaya mag-isa niyang kinuha ang kotse sa parking lot. Habang naglalakad, nagpaalam siya via text kay Lance at sinabing mayroon siyang emergency meeting.

Pagkaupo sa tapat ng steering wheel, napabuntong-hininga si Santi. What has gotten into him? Parang isang emotional roller coaster ride ang kanyang buong maghapon.

Ipinikit niya ang mga mata para lumiwanag ang kanyang isip. Pero sa halip, sumagi rito ang magandang mga mata ni Krissy at ng nanay nito..

---

Hindi palakuwento si Charisse o Charry, na ayon kay Krissy ay palayaw ng ina nito. Kung pahapyaw man ito magsalita, her daughter more than made up for it, kaya puno ng masayang balitaktakan ang

sasakyan. Natuwa si Santi, dahil kung umasta ang bata, parang wala itong sakit.

Ang sinabi rin ni Krissy, hindi raw nito kilala ang daddy nito. Simula baby pa lang ito, naglaho nang parang bula ang lalaki. Tanging sila lamang ng ina, lola at isang katulong ang nakatira sa bahay ng mga ito sa Guadalupe Viejo. Gusto sana niyang malaman ang buong kuwento, pero nakapinid ang mga labi ni Charry. Pinandilatan pa nito ang anak, na hindi naman tumigil sa pagdadakdak.

Nanibago si Santi sa kanyang mga damdamin. He wasn't hard to please, but he usually got to know people first before making his judgement. Pero sa dalawang babaeng lulan ng auto, magaan kaagad ang kanyang loob. Kunsabagay, sino ba ang hindi mahahabag kay Krissy? At bato rin ang hindi maaaba sa ina nitong naiwan mag-isa para harapin ang lahat ng problema.

He felt admiration soaring in his chest for Charry. Halatang malakas itong babae. Strong-willed and beautiful. A deadly combination.

---

Pasimpleng tinitigan ni Charry ang lalaki mula sa rearview mirror. Nakaupo siya sa backseat at si

Krissy ang nagprisintang maupo sa front passenger seat. Kung nagkataon, hindi niya alam kung paano siya kikilos. Nakasuot pa naman siya ng shorts… puruntong shorts nga lang, but still shorts.

At natawa siya sa kanyang kabaliwan. Bakit nga ba bumibilis ang pintig ng kanyang pulso sa lalaking ito? Hindi na nga niya talaga alam kumilos sa harap ng mga estrangherong lalaki. Matagal-tagal na rin since she had been this close to a man. A hot sexy man, for that matter, who had an effect on her.

Ang huling lalaki nagpakilig sa kanya ay si Eddie. But look where that got her? Tinakbuhan siya ng sira-ulong lalaking iyon nang malamang buntis siya, noong sila ay parehong beinte-dos at katatapos lamang ng kolehiyo.

Habang pinagmamasdan si Santi, napansin ng dalaga na ni sulyap sa gawi niya ay wala itong ibinigay. He was more interested in her daughter. And for that she was grateful dahil malaki ang ngiti ng anak niya ngayon.

Nagulat si Charry sa pamilyar na kilos ni Krissy sa bagong kaibigan nito. Karaniwan, mailap ito sa lalaki dahil lumaki itong walang kinagisnang ama. Wala rin itong lolo dahil ang sarili niyang ama ay matagal nang pumanaw.

Kung anuman ang pinag-usapan ng dalawa sa kapilya kanina, it was good for her daughter. Hindi mapatid-patid ang ngiti na nakapaskil sa mukha nito. Ano kayang magneto mayroon ang lalaking ito? Kung anuman iyon, it must be of the good kind. At nakakasiguro siya roon, kahit hindi pa niya ito lubusang kilala.

Good manners to match his good looks. Natawa si Charry sa sumagi sa kanyang isip. Pero hindi naman iyon maitatanggi kasi may hitsura si Santi at matangkad pa. Bulag lang siguro ang hindi maakit dito. *And what makes you think wala siyang girlfriend?*

Marahil mayroon na itong asawa. Para kasi itong maskuladong teddy bear. Para kasing masarap yakapin at sumandal sa matipuno nitong balikat.

"Where do you work?" basag nito sa kanilang katahimikan.

"In a crappy start-up call center with lousy pay and no health insurance," Charry said without thinking. At biglang namula ang mukha niya sa kahihiyan, lalo na nang mapansin niyang nakita nito ang reflection niya sa salamin.

Totoong salat ang kita niya dahil sa hospital bills

ni Krissy. Mas magiging madali kung maganda sana ang health insurance na alok ng kompanya. Kung hindi pa dahil sa savings ng kanyang ina, mula sa life insurance na naiwan ng kanyang ama, sa kalye sila pupulutin.

But nevertheless, she felt embarrassed by her outburst. Hindi naman siya tanga para hindi malaman na may-kaya ang kasama nila ngayon. Latest model na *Mercedes–Benz* ang sasakyan nito. Nakaka-intimidate.

Santi looked like a decent guy both successful and stable. The kind of man she needed in her life, but would never have. Sino ba naman ang matinong lalaki na magkakagusto sa unwed mother?

"Is that a stepping stone to what you really like to do? Ano ba ang mga plano mo?" tanong nito.

His question was personal, but surprisingly, she didn't feel bothered by it. Sa katunayan, ngayon lang niya muli narinig ang tanong na ito. Not since she gave birth to Krissy.

No one had bothered to ask her lately what she actually wanted or dreamt of, even her own mother. Para rito, natuldukan na ang kanyang mga personal na plano sa paglabas ng bata. Dapat daw

magpasalamat siya at mayroon siya kahit anong trabaho—kesehoda kung masaya siya o hindi. Ang importante daw, mapakain niya ang kanyang anak. And the idea that Santi somehow cared enough to ask almost made her feel special.

But the jaded part of her convinced herself he was merely asking out of curiosity. Making small talk, wika nga. "I can't tell you the details right now," aniya. At iyon ang totoo, maski siya ay naguguluhan sa mga plano sa buhay niya. "All I know is I intend to do the best I can for Kris."

Ngumiti ito sa kanya mula sa salamin. "Narinig mo iyon, Krissy?" sabi nito sa kanyang anak. "Ang suwerte mo sa mommy mo."

"Matagal ko na pong alam iyon, Tito," sagot ng bata.

Hindi na nagsalita pa si Charry. Parang nagsikip ang kanyang dibdib at gusto niyang mapaluha… sa saya. Appreciated naman pala ng pinakaimportanteng tao sa buhay niya ang kanyang efforts.

---

Tahimik nilang narating ang isang maliit na bahay na malapit sa J.P. Rizal Street. Wala ito sa loob ng exclusive village, pero maganda pa rin tingnan

mula sa labas.

"You're home sweet home," ani Santi paghinto ng auto.

"I'm not feeling so good," mahinang sabi ni Krissy.

"What's the matter?" alalang sabi ni Charry, na kinalimutan na ang distansya at yumuko sa pagitan ng mga silya para mapalapit sa anak. In doing so, her arm brushed Santi's.

Nagulat ang binata sa kanyang reaksyon. Kakaibang kiliti ang dumaloy sa kanyang mga ugat sa pagdampi ng balat nito sa kanya. If he wasn't worried about the child, he would've patted her arm to double check this feeling. Subalit nangibabaw ang concern. "Ano'ng problema, Krissy?"

"Nahihilo po ako, Tito," mahinang sagot ng bata.

"Biyahilo siguro," diagnosis ni Charry. "This won't be the first time." Kaagad itong lumabas ng kotse kaya iyon na rin ang ginawa niya. Nagkatagpo sila sa tapat ng front passenger door.

"Ako na'ng bubuhat kay Krissy," saad ni Santi. Bago pa makatanggi ang dalaga, binuksan na niya

ang pinto ng kotse at kinuha ang bata. He gently placed the child in his arms and she coiled hers around his neck.

Naiwan si Charry na nakatayo at nakatulala. Parang gusto nitong maiyak sa nakita. Anyone looking at them would think they were a perfect family. At masakit sa kanya ang realidad that her daughter came from a broken family. A family that never was, dahil iniwan na siya ni Eddie bago pa lumabas si Krissy sa mundo.

"We're ready when you are, Charry. Just lead the way," sabi ni Santi.

Tumango lamang ang babae at sabay silang tatlo na pumasok sa loob sa bakuran.

# 3

"Salamat sa lahat, Santi," ani Charry. Alam niyang hindi na niya kailangan pang samahan ang lalaki pabalik sa kotse nito, but it was the polite thing to do. Marunong din siyang tumanaw ng utang-na-loob. Matindi ang malasakit na ipinakita ng lalaking ito sa kanyang anak.

"Don't mention it, Charisse," sagot nito. Sinara nito ang pinto ng *Benz* at binuhay ang makina.

Tumabi siya sa sidewalk para hintayin ang pag-usad ng sasakyan. Pero nagulat siya nang bumaba ang salamin ng bintana. "I have something for you," ani Santi. Lumapit siya muli sa auto para kunin ang iniaabot ng binata.

Kinuha niya ang puting card at binasa ang nakasulat:

*Santillan Generalao Jr.*
*COO & CFO*
*Universal Food Group (UFG) & Generalao Realty*
*15th Floor Santillan Towers*
*Makati Avenue, Makati City*

*Telephone Number: 853-2081*

"What's this for?" takang tanong niya.

"We offer our employees a nice compensation package with benefits. That includes *Medicare Private Health Insurance*, with the government's compulsory *PhilHealth*. Covered pati mga dependents. Active hiring kami ngayon," makahulugang sabi nito.

Napayakap si Charry sa sarili. Bahagya siyang nagasgas ng matalas na sulok ng business card. Kung hindi pa niya nadama ang maliit na kirot sa braso, iisipin niyang she was hearing things. Totoo nga ang alok ng lalaki.

Nagtangkang kumawala ang kanyang luha pero pinigilan niya iyon. Ganoon kalalim ang epekto ng job offer nito sa kanya. "Salamat," mahinang tugon niya, natatakot na baka mabasa ang kanyang boses. His kindness was getting to her, fumbling her emotions.

Ngumiti ito. "Call Janet of Human Resources Department. I wrote her number at the back of the calling card. I will endorse you to her," anito. "That is, kung gusto mo."

Wala na siyang ibang magawa kundi tumango. Paano ba siya makakatanggi? Sana lang ay makapasa siya sa sikat na kompanya.

Kumaway ito na sinuklian niya. Kapagdaka'y naiwan siya sa bangketa, hanggang sa hindi na niya matanaw ang taillights ng kotse.

---

"Sino'ng kasama mo kanina?" usig ni Ginang Helen Delgado pagpasok ni Charisse sa loob ng bahay.

Sa tono pa lang nito, alam na niyang hindi ito natuwa sa kanyang bisita. Pero wala siyang magagawa para mapagbago ang isip nito. Kung mailap siya sa lalaki, mas higit pa ang kanyang ina.

Hindi maganda ang samahan ng kanyang mga magulang. Her father was a lousy drunk at ang nanay niya ang sumalo sa responsibilidad nitong bumuhay sa munti nilang pamilya. Namatay ang kanyang ama sanhi ng liver disease, leaving them life insurance money. Kaya hindi mapagtiwala si Gng. Delgado sa mga lalaki. At mas lalo pang lumalim ang galit nito nang iwan siya ni Eddie.

Sumalampak si Charry sa sofa, isinandal ang likod, at bumuntong-hininga. Wala siya sa mood

makipagtalo kaya pinag-isipan niya ang isasagot. “Isang mabait na taong nakilala ni Krissy sa kapilya ng ospital.”

Biglang tumaas ang isang kilay nito kaya alam niyang di nito nagustuhan ang narinig. “You left Krissy alone with a strange man?” bulalas nito.

Buti na lang at natutulog sa kuwarto ang anak niya. Hindi siya nito maririnig na magsinungaling. A white lie never hurt anyone.

“Magkasama kami ng apo mo. Narinig ng lalaking ‘yon na magko-commute kami kaya nag-offer na ihatid kami dito. Para hindi mausukan si Kris,” paliwanag ni Charry.

“Eh, paano kung serial killer pala iyon?” hirit pa rin nito. “Ikaw, hindi ka na nadala. You’re too trusting.”

“Hindi kaya masyado na kayong paranoid? At bakit ba lahat na lang po ng ginagawa ko, mali? Mama, I’m old enough to make my own judgement call,” iritang pahayag niya.

“Gaya ba ng judgement mo kay Eddie?” sumbat nito.

The comment was below the belt. Halos kumulo

ang dugo ni Charry, pero pinilit niyang manatiling nakatikom ang mga labi. Malaki pa rin ang suporta ng kanyang ina, at hinding-hindi niya iyon makakalimutan. Sa halip, nagbilang siya hanggang sampu bago nagbuka ng bibig.

"Ma, what happened with Eddie was a long time ago. Siguro naman po, natuto na rin ako," aniya sa malumanay na boses. At inabot niya ang card ni Santi sa inang nakatayo at nanggagalaiti sa kanyang harapan.

Napakunot ang noo nito pero kinuha naman ang tarheta. "Ano'ng ibig sabihin nito?"

"Read it, Mama."

Habang binabasa nito ang card, unti-unting nawala ang mga linya nito sa mukha. Her mother was obviously impressed.

"Santillan offered me a job and they have private health insurance," she said, carefully emphasizing the last three words.

Lumiwanag ang mukha nito. "That's great! What a thoughtful boy," anito, na para bang walang sinabing masama kanina lang.

Napangiwi siya. *Plastic.* Pero imbis na sabihin

ang laman ng kanyang utak, tumango lang siya. She could never blame her mother for thinking that way. Deep down, mabait naman itong tao. "Now all you have to do is pray I get in," huling sabi niya bago tumayo at pumasok sa kuwarto.

---

"Sir, someone wants to see you pero wala pong appointment," sabi ng kanyang assistant mula sa intercom.

Hindi inangat ni Santi ang mga mata mula sa mga binabasang dokumento. Pinindot niya ang buton ng intercom at sumagot, "Sino raw?"

"A Charisse Delgado, Sir."

Biglang napataas ang kanyang ulo. "Send her into my office in about three minutes."

Ibinaba niya ang mga hawak na papeles at tinanggal ang kanyang reading glasses. Pinaraan niya ang kamay sa buhok para ayusin iyon. Gusto niyang matawa sa inaasal. He was like a giddy teenager na makikita ang kanyang crush, hindi head ng kanilang kompanya.

Ano nga ba ang nakain niya at inalok si Charry ng trabaho gayong hindi niya alam ang resumé

nito? But his gut told him she was professional and smart. She was a single mother who managed to successfully navigate the world, with a sick child on her hip. His instinct had never failed him in the past. At nakakasiguro rin siyang tama ang assessment niya sa babaeng ito.

But he didn't think she'd actually look him up, kung matanggap ito sa kung anumang division na tugma sa credentials nito. You're kidding yourself. You hoped she would.

Pero hindi niya pinakinggan ang mga boses na naglalaro sa kanyang utak, kahit na lumulutang din doon ang maamong mukha ni Charry. Nagpanggap siyang abala sa pagbabasa ng mga financial figures kahit walang rumirehistro sa utak niya. Kapagkuwa'y bumukas ang pinto at pumasok ang magandang babae.

"Mr. Generalao, sana po hindi ko kayo inaabala," nahihiyang saad ng pamilyar na boses mula sa pintuan.

He looked up from his papers and smiled. He gestured to the seat in front of him. "Ah, Charry. Maupo ka. Kamusta ka na?"

Isinara nito ang pinto at naupo sa visitor's chair.

Nagkamustahan sila at ikinuwento nitong nakapasa ito sa mga tests at interviews. Kasalukuyan itong nakapuwesto bilang customer care supervisor sa kanilang customer service division. “Marami po talagang salamat, Sir. Krissy and I owe you a lot.”

“How is Krissy, by the way? At please lang, huwag mo na akong tawaging ‘Sir.’ You called me ‘Santi’ before. Let’s keep it that way, please.” He knew that asking her to call him that was risky. After all, they started on personal ground.

Something in Charry’s head said calling the big boss by his first name is a bad idea. Pero wala siyang magagawa kung iyon ang gusto nito. “Krissy is doing fine. Thanks for asking, Si—Santi. As of our last doctor’s visit, okay naman ang platelet count niya. She’s back at the day care center, gaya ng gusto niya. Na-miss rin niya ang mga kalaro niya.”

Nagunita ni Santi ang magandang mukha ng madaldal na batang humuli sa kanyang atensyon sa ospital. He felt his heart squeeze at the thought of her silent courage. Kahit sino yata ay mapapamangha sa mature nitong attitude sa pagtanggap sa kapalaran.

He imagined her adorable dimple on the chin. Lumalabas lamang iyon tuwing malalim ang iniisip nito. At kumpara sa ibang bata, may bahagi ng

personalidad nito na may pagkaseryoso. Not that she wasn't fun to be with, pero may mga sinasabi itong thought-provoking.

Other than that, Krissy was an ordinary child. She was cute and extremely sweet. Bago siya umalis nang ihatid niya ang mag-ina sa bahay, niyakap siya nito nang mahigpit at hinalikan sa pisngi. She even demanded he tuck her into bed, na ikinagulat pareho ng lola, ina at yaya nito. And he must admit he enjoyed her attention. First time niyang mapalapit sa isang batang paslit. It felt really good.

"I'm glad she's fine," simula niya. "We should all go out again some time."

Tumaba ang puso ni Charry sa narinig pero hindi siya umaasa. Alam niyang burden sa karamihan ang isang batang makulit. Siya nga na ina nito ay natuturete kung minsan. "Oh, you don't have to, Santi."

"I'm offering for selfish reasons," anito. "Alam mo, nag-enjoy talaga ako sa company ni Krissy. Doing that will make me happy, too. Pag bakante ang schedule ko, I'll take you horseback riding sa farm namin."

"Excuse me?" litong tanong ni Charry.

"Naikuwento kasi ni Krissy, pangarap niyang makasakay ng kabayo. At ang sabi ko naman, kapag pumayag ka, I'll take her riding. Is that fine with you?"

Bilang ina, na-touch siya na naalala nito ang maliit na detalyeng pinag-usapan nito at ng kanyang anak halos isang linggo na ang nakalipas. "Okay!" Iyon lang ang isinagot niya dahil hindi niya alam ang dapat pang sabihin.

---

Dalawang linggo ang lumipas nang mag-rounds si Santi sa opisina. Armed with his clipboard, he told himself that he was doing it because it was part of his job. *Bakit excited kang marating ang fifth floor?* miron ng isang bahagi ng isip niya.

Pagbukas niya ng double doors ng customer service division, halatang nataranta ang secretary na nakapuwesto sa isang malaking mesa sa unahan.

"Good morning, Sir Santi," anang matabang matanda. "Ay, good afternoon na pala. Good afternoon, Sir."

Gusto niyang matawa pero kinagat niya ang kanyang labi. Pihadong mas lalong matataranta ang kausap. "Good afternoon din, Ms. Aleli."

Wala pang ilang segundo nang dumating sa kinatatayuan niya ang head ng division. At na-impress siya sa lakas ng tainga nito. “Good afternoon ho, Mr. Generalao,” anito, sabay abot ng kamay. “Ano po’ng maipaglilingkod ko?”

Kinamayan niya ito. “I’m just doing my usual rounds.”

“Iiikot ko po kayo,” alok nito.

Tumango lang siya at pinakinggan ang status report nito. Panaka-naka’y nagtatanong siya at nagsusulat sa clipboard. Masusi niyang sinuri ang paligid. Sinabi niya sa sarili, ineeksamin lang niya ang routine ng mga empleyado. Ngunit nang lumapat ang mga mata niya sa isang nakayukong ulo, na may kakaibang kulot na buhok, he could no longer deny it. Excited siya dahil nakita niyang muli si Charry.

The past week pa siya nagdedebate kung kakamustahin niya ito. Sinabi ng utak niya, hindi tamang lapitan niya ito sa trabaho. Pero salungat naman ang bulong ng kanyang puso. Seeing Charisse made him feel somewhat alive. And finally, his heart won the battle kaya narito siya.

“I see a new face,” pasimpleng sabi niya.

Hindi naman nagtaka ang manager. “Yes, Sir, we have a new supervisor. I’ll introduce you.” Tinawag nito si Charisse.

“Yes, Sir Henry?” kaagad nitong sagot. Tumayo ito at humarap sa gawi nila, handang tumugon sa iuutos ng boss.

Alam niya ang mismong segundong nakita siya nito. Her eyes went round at parang nabuhayan ang mga iyon. Bahagya rin namula ang mga pisngi nito. He smiled in pleasure at the thought that she might be just as eager as he was by their meeting.

“Charry, meet our big boss, Mr. Santillan Generalao Jr.,” ani Henry.

Nag-aalangang iniabot ni Charry ang kanyang kamay. She suddenly felt self-conscious. Maganda ba ang kanyang suot na damit? Obviously, tanging si Janet lamang ng HRD ang may alam kung sino ang nag-endorse sa kanya. And knowing that, she somehow felt relieved.

“Good afternoon, San—” simula niya pero kaagad siyang natigilan. Bagkus ang sabi niya ay, “Sir. Good afternoon, Sir!”

Isang maliit at mapaglarong ngiti ang nakapaskil sa bibig ni Santi. In the short span of time she had

spent with him, she knew he was controlling his laughter at their awkward scenario. At dahil sa realisasyong iyon, naging komportable si Charry.

Kinuha niya ang kamay ng dalaga. He was having fun pretending it was the first time he ever laid eyes on her. Isang alanganing ngiti-ngisi naman ang lumabas sa bibig ni Charry. Pero alam niyang bukod tanging silang dalawa lang ang may alam ng ibig sabihin nito.

"So how do you like working for us?" tanong niya.

"I feel at home, Sir. Mabait po ang mga co-employees ko at very understanding ang clients. Masaya po ako at nabigyan ako ng chance makapasok sa inyong kompanya," sinsero nitong sagot.

Tumangu-tango siya.

"Mr. Generalao, we are proud of Charry here. She's learned the ropes quickly. She's a very fast learner," bida ni Henry.

"That's good to hear." At totoong natuwa siya sa narinig. Napatunayan niyon na tama nga ang kanyang biglaang desisyon na alukin ng trabaho ang babae.

Kapagkuwa'y nilisan nila ang lugar ni Charry at pumasok sa opisina ni Henry. He would've wanted to stay longer, but doing so would look inappropriate. Nag-usap muna sila ng manager ukol sa mga importanteng detalye tungkol sa client services.

Nang tumayo ito para kunin ang ilang figures na hiningi niya, may isinulat siya sa isang kapirasong papel sa clipboard. Itinupi niya iyon at inipit sa clip. Tiyempo namang bumalik si Henry, dala ang mga papeles. Sa puntong iyon, nagpaalam na siya. Sasamahan sana siya nitong lumabas, pero may importante itong tawag.

On his way out, he purposedly passed by Charry's desk. Napansin niyang wala ito roon. And a quick glance around showed that she was inside a small conference room. Tanaw niya mula sa glass divider na kasama nito ang ilang empleyado.

Kaya pala bakante rin ang karatig-mesa nito. At laking pasalamat niya sa bagay na iyon. Bago siya lumabas ng customer care division, pasimple niyang inilagay ang nakatuping papel sa loob ng bag ni Charry.

---

Hinahalughog ni Charisse ang kanyang bag

para makuha ang susi ng kotse. Pamilyar siya sa mga laman dahil organisado ito. Suddenly, her hand grasped an unfamiliar object at inilabas niya iyon. It was an assuming piece of paper.

Looking at the folded paper, she wondered how it got into her bag. Nakakasiguro siyang hindi siya ang naglagay niyon doon.

Her curiosity got the better of her. Binuksan niya ang nakatuping papel. It was addressed to her and the handwriting was vaguely familiar. For a second, she wondered kung saan niya iyon nakita. At the back of Santi's business card.

Halos mahulog niya ang kapirasong bagay sa realisasyon. Was it a love letter? Iniling-iling niya ang ulo. A love letter wouldn't be written on intermediate pad paper. Malamang nailagay ito ni Santi sa kanyang bag kaninang dumaan ito sa kanilang division. May nakakakita kaya rito? Pero tinigil na niya ang pag-iisip. Sa halip, her eyes eagerly feasted on his message.

*Hi, Charry. I'm glad to hear you are happy working for the company. And I'm pleased to hear your boss is satisfied with*

*your performance. Hindi nga ako nagkamali sa aking unang impression sa iyo at sa pagrekomenda ko sa iyo sa HR.*

Binasa niya ang huling linya nang dalawang beses. Nakakataba ng puso na ang isang tulad ni Santi ay maganda ang initial impression sa kanya. Even after he found out she was an unwed mother, of a sickly child at that. Sa kanyang experience, bibihira lang ang ganoon. It was either they looked at her with pity or dismay.

Nagpatuloy siya sa pagbasa.

*Are you free this Saturday?*

Natigilan si Charry. Was he asking her out on a date? Bigla siyang binalutan ng kilig, kahit na ba hindi siya nakikipag-date. She didn't want to experience more pain in the hands of another deceiving man. At ayaw rin niyang mas lalong maguluhan ang mundo ni Krissy.

Iniling-iling niya ang ulo sa mga naisip. Sa halip, ipinagpatuloy niya ang pagbabasa sa sulat

para malaman ang sagot sa kanyang tanong.

*Are you free this Saturday? Sabi ng kapatas sa farm, nanganak daw ang isa sa mga kabayo. Nasa Laguna ito, a short drive. I'm sure Krissy would enjoy riding the pony. I would like to keep my promise to her. At pumayag ka naman the last time we talked. Tell me if it's fine with you.*

*You have my number, so text me.*

*Santi*

Matapos basahin ang sulat, nagdagsaan ang sari-saring emosyon sa kanyang dibdib. Una, she felt somewhat disappointed dahil ang pakay nito ay si Krissy. Pero pinalis niya iyon sa isipan dahil ang kapal naman niyang umasa na gusto siya nitong i-date.

Pangalawa, natuwa siya sa atensyon ng binata sa kanyang anak. He certainly was a man of his word. Bibihira na lang ang ganoon sa mundo. Ngayon alam na niya kung bakit matagumpay itong businessman.

He was a man of honor and integrity. Any woman would be lucky to have him.

But not her, though. She wasn't just any woman and she was not in the market for a boyfriend.

At pangatlo, nagdalawang-isip siya sa pagsama nila kay Santi. Takot talaga siyang sumakay si Krissy ng kabayo, kasi baka matagtag ang bata. But then again, she'd be riding a pony, which had been her dream.

Bukod pa rito, natatakot siyang mapalapit ang kanyang anak sa binata. On the other hand, wala ring masama rito dahil he was a great stable guy. It probably wouldn't hurt to go out with him just this once.

Kaya sa huli, nanaig din ang kanyang pagiging ina, na gustong tugunan ang layaw ng may-sakit na anak. Never mind if his gorgeous face kept on popping up at the back of her mind.

# 4

“Wow, Tito Santi! Ang ganda po rito!” masayang bulalas ni Krissy.

He looked down at the small figure holding his hand and walking right beside him. She looked adorable wearing a pink shirt under her denim jumpers. At nakataklob muli sa ulo nito ang isang makulay na panyo. Napansin nitong nakatitig siya and she gave him an impish grin. And at that moment, mas lalong nangibabaw kung ano ang kulang sa kanyang buhay.

“Ang daming puno,” manghang dagdag nito patukoy sa mga hile-hilerang puno ng mangga.

Napangiti si Santi sa expression sa mukha ng bata. Ang mga mata nito ay bilugan, ang mga pisngi ay mapula, at ang mga labi ay may kakaibang ngiti. The sight of her utter delight warmed his heart. Napakadali lamang paligayahin ng mga bata.

And that brought him back to a time in his own childhood. Naalala niya nang sila mismo ng kanyang mga magulang at mga kapatid ay nagpupunta rito para mag-picnic. Such happy fun memories with his

family. Family… sariling pamilya.

Kumirot ang puso ni Santi. Wala siya niyon. Would he ever have the chance to make fun memories with his own family?

Pilit niyang iwinaksi ang damdaming iyon. He knew he was being a sentimental fool. All these feelings were brought up by the mere sight of Arthur. Just the other day, nag-dinner sila sa bahay nina Lance at Mady. At talaga namang nakakatuwa ang bago niyang pamangkin. Manhid lamang ang pusong hindi mahuhulog ang loob sa batang walang kamuwang-muwang. A sleeping angel.

"Tito Santi, nasaan na po ang kabayo?" pukaw ni Krissy sa kanyang pag-iisip. Excited nitong pinisil ang kamay niya, na nagbalik sa kanya sa kasalukuyan.

"He's in the stable, Kris," sagot niya. Isang anghel nga rin pala ang kasama niya. A very courageous one at that. "Puntahan natin siya so you can meet him. His name is Bullet."

Nanlaki muli ang mga mata nito, marahil sa gulat. "Sino ho'ng nagbigay ng pangalan niya? Bakit po Bullet? Sabi ng Mommy, guns are bad. Di ba bullet po ang laman ng baril?" lito nitong mga tanong.

Mula sa likuran nila, lumutang ang matawa-

tawang boses ni Charry. "Krissy, honey, ang daldal mo talaga. Hinay-hinay sa pagtanong. Baka makulitan ang Tito Santi mo sa iyo."

There was something about her laugh that sounded melodious to his ear. He could listen to her forever. Pero sa halip na manahimik, sinagot niya kaagad ito, baka kasi mahiya ang bata. "It's okay, Charry. Smart kasi itong baby mo," aniya na nakatingin kay Krissy, sabay kindat. Napangiti naman ang bata sa ginawa niya.

"I'm not a baby anymore," giit naman nito. "I'm five."

At nagkatawanan ang dalawang kasama.

Nagsimula silang maglakad patungo sa direksyon ng kuwadra. "Kris," simula niya, "kilala mo ba si *Superman*?"

Tumango ito kaya nagpatuloy siya, "Ang sabi, *Superman* is 'faster than a speeding bullet.' Ang ibig sabihin noon, sobrang bilis niya. And we want the baby pony to be fast. Kaya ang pangalan niya ay Bullet."

Tumangu-tango ang bata, clearly hanging onto his every word. "And you see, ang pangalan ng nanay ni Bullet ay Speed. The two of them combined

is like *Superman*. Faster than a speeding bullet," eksplika niya. He wasn't sure if he explained it well enough for the child to understand. Pero dahil hindi naman ito nag-usisa pa, he assumed she understood everything.

Nagulat siya nang bigla nitong hatakin ang kamay niya. "C'mon, Tito. Let's run to see the pony. I'm Bullet and you're Speed."

Napangiti si Santi. Naintindihan nga siya nito. Maybe he wouldn't be such a bad dad, after all.

At nagitla siya sa kanyang naisip. He looked at the child thoroughly and noticed she was waiting for his answer. He shook off those feelings. Sa halip, tinanguan niya si Kris kaya nagsimula itong tumakbo. At dahil magkakapit-kamay sila, wala na rin siyang ibang nagawa kundi sabayan ang mabilis nitong mga hakbang.

---

Charry looked at the running pair ahead of her and she felt her head spin in confusion. Sari-saring damdamin ang sabay-sabay nagrambulan sa kanyang dibdib at pakiwari tuloy niya, may revolution doon. Kalabisan mang sabihin, pero parang gusto niyang himatayin. This was just too much for anyone to

handle. Lalo na para sa isang tulad niya, na tuliro ang utak sa larangan ng mga lalaki sa simula pa lang.

Napabuntong-hininga si Charry. Sabi na nga ba niya, going out with Santi spelled trouble with a capital T. Nararamdaman niyang unti-unting nagiging palagay ang loob niya sa binata. And how could she not like him, mahilig ito sa bata. He and Krissy shared some sort of special bond.

Aside from that, she owed the man a lot. Ito ang nagrekomenda sa kanya sa trabaho. At ngayon, mayroon na silang health insurance. At isa pa, nadagdagan ang kanyang disposable income. Now, she had more time and money for fun things with her daughter. At si Santi ang siyang nagbigay daan para rito, na kailanman ay hinding-hindi niya malilimutan.

He was also warm, caring, considerate, kind and sincere. The list of his endearing qualities just goes on and on. Kaya nga isang palaisipan sa kanya kung bakit wala itong nobya. Wala kasi siyang naririnig through the office grapevine na may kasintahan ito. And looking at his left ring finger, wala rin itong suot na wedding ring.

Ang sabi ng mga chismosa sa office, na

naulinigan niya minsang break, sobrang subsob daw ito sa trabaho. At kinumpirma rin ng mga nabasa niyang finance articles sa diyaryo, na si Santillan Generalao Jr. daw ang responsable sa pagpapalago ng kompanyang itinaguyod ng ama nito. And somehow, after spending some time with him, that information really didn't surprise her.

But it did scare her. Santi Jr. wouldn't be successful if he was not driven and ambitious. And that reminded her of Eddie, na sobrang ambisyoso. Inuna pa nga ng walang-kuwenta niyang ex ang career nito kaysa sa kanila.

A part of her brain screamed at her that she just shouldn't cast the two men in the same mold. Kita naman niyang ibang klase si Santi sa herodes na iyon ng kanyang nakaraan. Pero hirap siyang pakinggan iyon. She was both scarred and scared by love.

At natigilan siya sa salitang iyon. Kung hindi siya mag-iingat, she could see herself falling head over heels in love with Santi. Hindi rin naman kasi ito mahirap mahalin.

"Hey, aren't you coming?" malakas na sabi ng isang baritonong boses na pumutol sa pagmumuni-muni niya.

"Huh?" At saka lamang niya napansin na halos mga walong metro na ang layo nina Santi at Kris sa kanya.

"Mommy, dali!" sigaw ng anak.

At nagsimula siyang tumakbo papalapit sa dalawa, kahit na sumisigaw ang utak niya ng mga babala na dapat siyang magpakalayo sa binata. "Okay, wait. I'm coming!"

---

Nakaupo silang tatlo sa picnic blanket sa ilalim ng isang puno ng mangga. Sa Krissy ay nakahilig sa kandungan ni Charry, na nakasandal naman sa katawan ng punong-kahoy. Si Santi naman ay nakahiga sa mantel. Katatapos lamang nilang kumain ng tanghalian.

"Mommy, I'm sleepy," bulong ng paslit na unti-unting pumikit ang mga mata. In a few seconds, she was already fast asleep.

Hindi na nagulat ang dalaga. She was pretty sure na napagod ito sa paglalaro. Natupad din ang pangarap ng anak niya na sumakay ng kabayo. Ang totoo, takot talaga siyang pasakayin si Kris dahil baka mahulog ito. But with Santi's guidance, her baby learned fast on the proper techniques of handling a

pony.

And Santi was a good teacher. Mas lalo pa siyang napabilib dito dahil sa tiyaga at pasensyang pinakita nito kay Krissy. Kahit makulit ang anak niya, walang-sawa ito sa pag-ulit ng mga paliwanag at pagsagot ng tila ilang milyong tanong ng bata.

Kanina, habang pinanonood niya ang dalawa mula sa sidelines, nanikip muli ang kanyang dibdib. And it was fast becoming a familiar sensation at the sight of the pair. Krissy had long been in dire need of a father figure.

Masuwerte ang babaeng ihaharap ni Santi sa dambana, isip-isip niya. And a part of her heart couldn't help but whisper that she wished that that girl would be her. Subalit hindi na niya pinagtuunan ng pansin ang mga ideyang ito dahil iyon ay imposibleng mangyari.

She told herself she only admired Santi for what he was… nothing more. Iyon ang pilit niyang isiniksik sa kanyang utak. Ang dapat niyang gawin ay magpakalayo at maglagay ng distansya. She had a feeling it just wasn't her that was falling for him, pati na rin ang anak niya.

Hinimas niya ang buhok ni Krissy. While staring

at her daughter, slumbering contently with a smile on her lips, she remembered how joyfully and wonderfully carefree the little girl was while riding the pony. Parang wala itong sakit at wala silang problema. And for this wonderfully perfect day, she would be eternally grateful to Santi.

Pero ang araw na ito ay hindi na dapat masundan pa. Dahil kung lumalim pa ang kanilang pagsasama, mahihirapan lamang silang lahat. Kailangang mawasak na ang ilusyon sa isipan niya na silang tatlo ay perfect match.